Suporta sa Kagipitan

at iba pang mahihingan ng tulong

Tagalog, September 2020



Sa panahon ng kagipitan, narito ang Konseho ng Lungsod ng Hobsons Bay para suportahan ka. Maraming suporta sa komunidad ng Hobsons Bay, na kinabibilangan ng iyong lokal na Neighborhood House, aklatan, samahan sa sports, mga grupo ng kultura at pananampalataya at ang Konseho. Makipag-ugnayan at humingi ng tulong.

Makikita sa ibaba ang listahan ng mga serbisyo at organisasyon ng suporta sa buong Hobsons Bay at mga Kanlurang suburb ng Melbourne. Libre ang karamihan sa mga serbisyong ito. Marami ang may mga tagapagsalin, mga naisaling mapagkukunan at suportang naaangkop sa kultura. Pakibahagi ang mga ito sa iyong pamilya, mga kaibigan, at kapitbahay.

Para sa suporta kapag may krisis, pakitawagan ang LifeLine sa 13 11 14. Kung nasa tiyak kang panganib, tumawag sa 000.

Tulong sa Pagpapayo sa Pananalapi

Pambansang Helpline para sa Utang

Tutulungan ka ng serbisyong ito na solusyunan ang mga problema sa utang. Nag-aalok ang mga propesyonal na tagapayo sa pananalapi ng mga libre, nagsasarili at kumpidensyal na serbisyo.

Tumawag sa: 1800 007 007
Web: ndh.org.au/

Anglicare – Newport, Williamstown, at Altona Meadows

Libre, nagsasarili, at kumpidensyal na pagpapayo sa pananalapi at pansuportang tulong sa emergency..

Tumawag sa: (03) 9731 2500
Web: www.anglicarevic.org.au/

Salvation Army - Altona

Pagpapayo sa pananalapi, mga voucher, pagkain at mga hamper ng mahahalagang pangangailangan.

Tumawag sa: (03) 9398 1750
Web: www.salvationarmy.org.au/need-help/

Pagpapayo sa Pananalapi ng IPC Health para sa mga taong naapektuhan ng pagsusugal o mga miyembro ng pamilyang nagsusugal

Mga libre, kumpidensyal at hindi nanghuhusgang serbisyo para sa mga taong naapektuhan ng pinsalang dulot ng pagsusugal.

Tumawag sa: 9296 1234
Email: gamblershelp@ipchealth.com.au

HOBSONS BAY LANGUAGE LINE

9932 1212

SERBISYO NG TAGAPAGSALIN PARA SA LAHAT NG WIKA

Ang iyong Konseho sa wika mo

Nakatala ang impormasyon ng Konseho sa:

English	العربية	Ελληνικά
Italiano	ကညီကျိ	Tiếng Việt
粵語	Македонски	普通话

Legal na Tulong

West Justice

Nagbibigay ng libreng legal na tulong sa mga tao sa mga Kanlurang suburb ng Melbourne, na kinabibilangan ng mga hindi pagkakasundo sa komersyo, credit at utang, batas sa kabataan, batas sa pamilya at karahasan sa pamilya, mga multa, mga aksidenteng sangkot ang sasakyan, pangungupahan, mga legal clinic para sa bagong dating at refugee, pagpapayo sa pananalapi, suporta sa Estudyanteng galing sa Ibang Bansa at marami pa.

Tumawag sa: (03) 9749 7720
Web: www.westjustice.org.au/

Justice Connect

Nagbibigay ng iba't ibang legal na suporta at serbisyo sa mga indibidwal at grupo sa komunidad.

Tumawag sa: (03) 8636 4400
Web: justiceconnect.org.au/

Victoria Legal Aid

Kumpidensyal na serbisyo ng suporta sa pagpapayo sa telepono at online.

Tumawag sa: 1300 792 387
Web: www.legalaid.vic.gov.au/

Mga Suporta sa Bayad

Services Australia ng Pamahalaan ng Australia

Nag-aalok ang Services Australia ng iba't ibang mga bayad at serbisyo sa kalusugan, lipunan at kapakanan sa pamamagitan ng Centrelink, Medicare at Suporta sa Bata.

Narito ang listahan ng mga numerong matatawagan para sa mga serbisyong ito:

www.servicesaustralia.gov.au/individuals/contact-us/phone-us

Tumawag sa: 131 202 para sa Linya para sa Iba't ibang Wika ng Centrelink

Tumawag sa: 131 450 para sa Mga Serbisyo ng Pagsasalin ng Medicare at Suporta sa Bata

Web: www.servicesaustralia.gov.au/individuals/information-in-your-language/products

Tulong sa Emergency

Laverton Community Integrated Services

Pagpapayo sa pagtugon sa krisis at tulong sa emergency.

Tumawag sa: (03) 8368 0177
Web: lcis.org.au/

Salvation Army - Altona

Mga voucher, hamper, at pagpapayo sa pananalapi.

Tumawag sa: (03) 9398 1750
Web: www.salvationarmy.org.au/need-help/

St Vincent de Paul

Telepono para sa paghahatid ng pagkain, mga voucher at iba pang materyal na tulong.

Tumawag sa: 1800 305 330
Web: www.vinnies.org.au/findhelp#!vic

Catholic Care

Ibibigay ang suporta para sa mga tao, gaya ng mga voucher para sa pamilihan at gasolina, sa mga kliyente sa Hobsons Bay kung makakapagsaayos sila ng pagkuha sa Footscary. Puwede rin silang magpa-iskedyul sa express post kung kinakailangan.

Tumawag sa: (03) 9689 3888
Web: www.ccam.org.au

Helping Hand Café – Williamstown Church of Christ

Available ang mga Hamper ng Pagkain at iba pang suporta..

Tumawag sa: (03) 9397 5715
Web: www.willichurch.org.au/

Newport Community Education Centre (Mga Outlet)

Mga pakete ng pagkain, lampin, gamit na panlinis ng katawan, kumot at myki card.

Tumawag sa: (03) 9391 8504
Web: www.outletsco-op.com.au/

Impormasyon ng Komunidad at Serbisyo ng Suporta ng Victoria (Community Information and Support Service Victoria o CISVic)

Isang samahan sa komunidad (peak body) na makakahanap ng tagadulot ng tulong na pinakamalapit sa iyo sa dagliang pangangailangan.

Tumawag sa: 9672 2000
Web: www.cisvic.org.au/

Tulong at Suporta sa Utility

Libreng Pera (Grant) na Tulong sa Utility

Libreng pera na tutulong bayaran ang pangunahing bayarin sa kuryente, gas o tubig na lagpas na sa takdang petsa ng pagbabayad dahil sa pansamantalang krisis sa pananalapi.

Tumawag sa: 1800 658 521
Web: services.dhhs.vic.gov.au/utility-relief-grant-scheme

HOBSONS BAY CITY COUNCIL

Ombudsman ng Kuryente at Tubig (Victoria)

Libre at nagsasariling serbisyo ng pagresolba sa hindi pagkakaunawaan sa mga isyu sa kuryente at tubig. Maibibigay sa mga indibidwal at negosyo. Makakatulong ang Ombudsman na magsaayos ng mga patas na plano ng pagbabayad at makakapag-iskedyul ito ng pagbabalik ng koneksyon ng kuryente at gas.

Web: www.ewov.com.au/
Tumawag sa: 1800 500 509
Tumawag sa: 131 450 para sa serbisyo ng tagapagsalin

Ombudsman ng Industriya ng Telecommunications (Victoria)

Libre at nagsasarili na serbisyo para sa reklamo sa telepono at internet. Makakatulong ang serbisyo ng Ombudsman na magsaayos ng mga patas na plano ng pagbabayad at suporta sa kagipitan sa mga customer at kanilang mga tagadulot ng telepono at internet.

Tumawag sa: 1800 062 058
Web: /www.tio.com.au/

Suporta sa Emergency na Matutuluyan at Pabahay

Unison

Nagbibigay ang Unison ng abot-kaya at panlipunang pabahay. Nagbibigay rin ito ng mga serbisyo sa kawalan ng tirahan para sa mga tao sa Kanluran ng Melbourne.

Tumawag sa: 1800 825 955
Web: unison.org.au/

Women's Housing Ltd

Nabibigay ng murang pabahay sa mga babaeng nanganganib na mawalan ng tirahan.

Tumawag sa: 9412 6868
Web: womenshousing.com.au/

Pansuportang Tulong dahil sa Karahasan sa Pamilya para sa mga babae at bata:

SafeSteps: Family Violence Response Centre

24/7 na linya ng pagtugon para sa karahasan sa pamilya. Ang Safe steps Family Violence Response Centre ang unang serbisyo ng pagtugon sa telepono sa buong Victoria para sa mga babae, kabataan, at batang nakakaranas ng karahasan sa pamilya.

Tumawag sa: 1800 015 188
Web: www.safesteps.org.au/

Women's Health West

Mga serbisyo sa karahasan sa pamilya sa mga Kanlurang suburb ng Melbourne.

Tumawag sa: 9689 9588
(sa mga oras ng opisina)

WIRE (Women's Information and Referral Exchange)

Libreng suporta, pagsasangguni at impormasyon para sa lahat ng babae, di-maituturing na babae o lalaki (nonbinary) at nagkakaiba-ibang kasarian (gender diverse) na tao sa Victoria..

Tumawag sa: 1300 134 130
Web: www.wire.org.au/

1800 RESPECT

Serbisyo ng pagpapayo hinggil sa sekswal na pang-aatake at karahasan sa tahanan sa buong bansa (24/7 na suporta)

Tumawag sa: 1800 737 732 /
NRS: 1800 555 677/
Tagapagsalin: 13 14 50

Suporta para sa mga lalaki

MensLine Australia

Libreng serbisyo ng pagpapayo sa telepono at online para sa mga lalaking may mga alalahanin sa kalagayan ng emosyon at relasyon.

umawag sa: 1300 789 978
Web: mensline.org.au/

Serbisyo ng Pagsasangguni para sa Mga Lalaki / Pwera Karahasan (No To Violence)

Mga serbisyo sa karahasan sa pamilya para sa mga lalaki.

Tumawag sa: 1300 766 491
Web: ntv.org.au/

Tulong sa Kalusugan ng Pag-iisip

Beyond Blue

Libre at kumpidensyal na suporta sa telepono at online para sa mga taong nakakaranas ng sakit na depresyon (depression) at pagkabalisa (anxiety).

Tumawag sa: 1300 22 46 36
Web: headspace.org.au/

SANE Australia

Suporta para sa mga taong may mga kumplikadong isyu sa kalusugan ng pag-iisip at sa tagapangalaga ng mga taong ito. Magbibigay ang mga kwalipikadong tagapayo ng pagpapayo at suporta, impormasyon at mga pagsasangguni sa telepono at online.

Tumawag sa: 1800 18 72 63
Web: www.sane.org/

HOBSONS BAY CITY COUNCIL

Suicide Call Back Service

Isang serbisyo ng pag-call back at online na pagpapayo para sa mga taong iniisip na magpakamatay, pamilya o mga kaibigang naaapektuhan ng pagpapakamatay at propesyonal sa pangangalagang pangkalusugang nanggagamot ng mga taong gustong magpakamatay.

Tumawag sa: 1300 659 467
Web: www.suicidecallbackservice.org.au/

Suicide Line Victoria

Pagpapayo sa telepono at internet.

Tumawag sa: 1300 651 251
Web: www.suicideline.org.au/phone-and-online-counselling/

Suporta sa problema sa Alak at iba pang Droga

Directline

24 na oras na pagpapayo, impormasyon at suporta sa pagsasangguni sa telepono sa sinuman sa Victoria na nakakaranas ng mga isyung nauugnay sa alak at droga.

Tumawag sa: 1800 888 236
Web: www.directline.org.au/

Joseph's Corner – Yarraville at Laverton

Serbisyo ng suporta para sa mga pamilyang may kasamahang lulong sa alak at iba pang droga.

Tumawag sa: (03) 9315 2680
Web: www.josephscorner.org.au/

HOBSONS BAY CITY COUNCIL

DrugInfo ng ADF

Libre at kumpidensyal na serbisyo sa telepono at online para sa impormasyon tungkol sa alak at iba pang droga at kung paano mo masusuportahan ang sarili o ang ibang tao.

Tumawag sa: 1300 85 85 84
Web: adf.org.au/resources/druginfo/

Pharmacotherapy Advocacy Mediation & Support (PAMS)

Impormasyon, suporta, pagtatanggol, pagsasangguni at pamamagitan na nakabatay sa telepono para sa mga gumagamit ng opioid para sa pharmacotherapy at kanilang mga direktang tagadulot ng serbisyo sa anumang isyung nauugnay sa kliyente ng pharmacotherapy sa Victoria.

Tumawag sa: 1800 443 844
Web: www.hrvic.org.au/pams

Alcoholics Anonymous

Libreng serbisyo ng suporta ng kauri (peer) para sa mga taong gustong itigil ang pag-inom ng alak.

Tumawag sa: (03) 9529 5948
Web: aa.org.au/new-to-aa/

Narcotics Anonymous

Libreng serbisyo ng suporta ng kauri (peer) para sa mga taong gustong bumangon mula sa pagkakalulong sa droga.

Tumawag sa: 1300 652 820
Web: www.navic.net.au/

Mga serbisyo ng suporta para sa pagsusugal

Tulong sa Mga Nagsusugal ng IPC Health

Mga libre, kumpidensyal, at hindi nanghuhusgang serbisyo para sa mga taong naapektuhan ng pinsalang dulot ng pagsusugal

Tumawag sa: 9296 1234
Email: gamblershelp@ipchealth.com.au

Helpline para sa Mga Nagsusugal

Tumawag sa: 1800 858 858
Web: gamblershelp.com.au/

Pakikipag-ugnayan sa Kauri (Peer)

Tumawag sa: 1300 133 445

Mga multikultural na serbisyo

Multikultural na Center ng InTouch Laban sa Karahasan sa Pamilya

Mga multikutural na serbisyo ng suporta para sa karahasan sa pamilya.

Tumawag sa: 1800 755 988
Web: intouch.org.au/

Asylum Seeker Resource Centre

Suporta para sa mga refugee at taong naghahanap ng asylum.

Tumawag sa: (03) 9326 6066
Web: www.asrc.org.au/

West Welcome Wagon

Pagkain, muwebles, damit at suporta sa Wikang Ingles para sa mga taong naghahanap ng asylum sa mga kanlurang suburb ng Melbourne.

Web: www.westwelcomewagon.org.au/

Mga Serbisyo para sa Aboriginal at Torres Strait Islander

Espesyalistang serbisyo ng suporta para iwasan ang karahasan sa Aboriginal na pamilya:

Djirra

Espesyalistang serbisyo ng suporta para iwasan ang karahasan sa Aboriginal na pamilya

Tumawag sa: 1800 105 303
Web: djirra.org.au/

Ngawala Willumbong – Aboriginal Corporation

Naghahatid ng espesyalistang mga serbisyo ng residensyal na rehabilitasyon mula sa labis na pag-inom ng alak at paggamit ng droga at serbisyo ng suporta sa pakikipag-ugnayan sa Kanluran ng Melbourne para tugunan ang mga pangangailangan ng Aboriginal people at kanilang mga pamilya.

Tumawag sa: 9510 3233
Web: www.ngwala.org.au

Mga Serbisyo sa LGBTIQA+

WithRespect

Espesyalistang serbisyo ng suporta para sa karahasan sa pamilya ng LGBTIQ.

Tumawag sa: 1800 LGBTIQ (1800 542 847)
Web: www.withrespect.org.au/

QLife

Walang pagkakilanlan (anonymous) at libreng suporta ng kauri (peer) at pagsasangguni para sa mga isyu kasama ang karahasan sa pamilya

Tumawag sa: 1800 184 527 (3n.h.-hatinggabi araw-araw)
Web: qlife.org.au/

Mga Serbisyo para sa Mga Bata (0 – 12 taong gulang)

Helpline para sa Mga Bata

Libre, pribado at kumpidensyal na pagpapayo sa telepono at online para sa mga kabataang edad 5 hanggang 25.

Tumawag sa: 1800 551 800
Web: kidshelpline.com.au/

Mga Serbisyo para sa Mga Kabataan (12 – 25 taong gulang)

Mga Serbisyo para sa Kabataan sa Hobsons Bay Up

Nagbibigay ng maikli hanggang sa katamtamang pangkalahatang pagpapayo para sa kabataang nakatira, nagtatrabaho o nag-aaral sa munisipalidad na edad 12 hanggang 25.

Tumawag sa: 9932 4000
Web: www.hobsonsbay.vic.gov.au/UP

Headspace

Suporta sa kalagayan ng pag-iisip, kalusugan ng katawan, alak at iba pang droga, trabaho at pag-aaral sa telepono at online para sa mga kabataang edad 12 hanggang 25.

Tumawag sa: 1800 650 890
Web: headspace.org.au/

Centre for Multicultural Youth

Suporta, pagtuturo at mga pagkakataon para sa mga kabataang naging migrante at refugee o nagmula sa pamilya ng migrante at refugee.

Tumawag sa: 9340 3770
Web: www.cmy.net.au/

Latitude Directions for Young People - Altona

Tulong sa pagkain at pabahay para sa mga kabataan.

Tumawag sa: (03) 9315 0061
Web: www.latitude.asn.au/

Mga estudyante galing sa ibang bansa

Study Melbourne

Libreng suporta, impormasyon, mga contact at tulong sa pagkain para sa mga taong nakatira at nag-aaral sa Victoria.

Tumawag sa: 1800 056 449
Web: www.studymelbourne.vic.gov.au/help-and-support/support-for-students-coronavirus/support-and-food-relief-organisations

Mga serbisyo ng suporta para sa mga magulang

Parentline Victoria

Kumpidensyal at libreng online na pagpapayo para sa mga magulang.

Tumawag sa: 13 22 89
Web: www.education.vic.gov.au/parents/services-for-parents/Pages/parentline.aspx?Redirect=1

Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Ina at Bata sa Victoria

24 na oras, 7 araw kada linggong libreng serbisyo sa telepono na may kasamang impormasyon sa kalusugan at payo para sa mga magulang na may mga sanggol at maliliit na anak.

Tumawag sa: 132 229

HOBSONS BAY CITY COUNCIL

Mga Serbisyo para sa Kalusugan ng Ina at Bata sa Hobsons Bay

Tumawag sa: 9932 1300
Web: www.hobsonsbay.vic.gov.au/Community/Community-services/Families-Children/Maternal-Child-Health-Service

Caroline Chisolm Society

Nagbibigay ng iba't ibang uri ng suporta (materyal na tulong at pagpapalakas ng loob) sa mga buntis, bagong magulang at magulang ng maliliit na bata.

Tumawag sa: 9361 7000
Web: caroline.org.au/

Mga Serbisyo ng Suporta sa Kapansanan

Sentro ng Mga Mapagkukunan para sa May Kapansanan (Disability Resources Centre o DRC)

Indibidwal na pagtataguyod sa mga nasa hustong gulang na mayroong pisikal, sensory, intelektwal, neurological, psychosocial at/o maraming kapansanan sa mga isyu gaya ng NDIS, Centrelink, matutuluyan at transportasyon.

Tumawag sa: 9671 3000
Web: drc.org.au/

Liga ng Tagapagtanggol para sa Mga Indibidwal na may Kapasanan sa Victoria (Victorian Advocacy League for Individuals with Disability o VALID)

Nagbibigay ng pang-isang tao (one-on-one) na tulong para sa taong may mga kapansanan para matulungang makalutas ng problema.

Tumawag sa: 9416 4003
Web: www.valid.org.au/

Serbisyo ng Tagapagtanggol para sa Kabataang May Kapansanan

Libreng suporta sa pagtatanggol para sa mga kabataang edad 12-25 na may kapansanan.

Tumawag sa: 0438 638 734
Web: www.yacvic.org.au/ydas

Mga serbisyo ng Suporta para sa Mga Nakatatanda

Helpline para sa Mga Karapatan ng Nakatatanda sa Victoria

Kung ikaw o kakilala mong nakatatanda ay nakakaranas ng pang-aabuso, tumawag para sa suporta at tulong.

Tumawag sa: 1300 368 821
Web: seniorsrights.org.au/

Relationships Australia – Pang-aabuso sa Nakatatanda

Maraming iba't ibang anyo ang pang-aabuso sa nakatatanda. Ang mga pinakakaraniwang anyo ng pang-aabuso sa nakatatanda ay pang-aabuso hinggil sa pananalapi at pagpapabaya. Makikita sa ibaba ang mga numerong matatawagan sa pakikipag-ugnayan para sa Mga Serbisyo ng Ugnayan sa Matanda ng Relationship Australia.

Tumawag sa: 1300 364 277
Web: www.relationships.org.au/relationship-advice/relationship-advice-sheets/what-is-elder-abuse

Mga Serbisyo para sa Multicultural na Komunidad sa Australia

Mga serbisyo ng suporta para sa mga nakatatandang may iba't iba kultura at para sa mga tagapangalaga nila.

Tumawag sa: 9689 9170
Web: www.amcservices.org.au/

Mga Serbisyo ng Suporta para sa Tagapangalaga

Carers Victoria

Pagpapayo, mga grupo ng suporta at payo para sa mga taong nag-aalaga ng ibang tao.

Tumawag sa: 1800 514 845
Web: www.carersvictoria.org.au/

Carer Gateway

Isang libreng pagpapayo sa telepono at online na forum ng tagapangalaga, pagtuturo sa tulong ng paggabay sa sarili at mga kasanayan para sa mga tagapangalaga.

Tumawag sa: 1800 422 737
Web: www.carergateway.gov.au/

Mga App sa Telepono

Libreng gamitin at i-download sa iyong smartphone mula sa Google Play o sa iTunes App Store.

Ask Izzy

Tumutulong na hanapin ang mga serbisyong kailangan mo, ngayon at nasa malapit. Sinasaklawan nito ang pabahay, pagkain, pangangalagang pangkalusugan, legal na payo, panggagamot sa pagkakalulong at marami pa.

Daisy

Iniuugnay ang mga babae sa buong Australia sa mga serbisyo para sa epekto ng sekswal na pang-aatake, karahasan sa pamilya at karahasan sa tahanan.